**The University Health Service Diliman: Answering the Call of Optimal Health Care Delivery**

**Myrissa Lacuna – Alip, M.D. MHA, FPAFP**

**Panimula: University health Service**

Mangyari pong hayaan ninyo akong ipahayag ang mga objectives ng University Health Service (UHS). Ang layunin ng UHS ay ang mga sumusunod:

1. Magbigay ng katugunang pangkalusugan ng UP community
2. Maging pangunahing primary health care facilty na magsisilbing modelo ng ibang pamayanan
3. Mag alay ng isang health care delivery system na accessible and affordable para sa kanyang mandato
4. Makalikha ng kaayusan na promotive at preventive gamit ang nakalaang resources, na suportado at patronized ng iba't ibat sector

Ang prioridad ng UHS ay pagsilbihan ang kinasasakupan nito, at ito ay pinalalawig kasama ng mga consumers na nalalapit sa mga empleyado, faculty, personnel, at estudyante sa kadahilanan ng proximity and reach.

Sa loob ng 25 taong pagsisilbi bilang kasapi ng medical staff at bilang dating Chief of Clinics, nagkaroon ako ng malawak na karanasan hanggang sa kasalukuyan na nagsilbing pundasyon para patuloy na magsilbi sa unibersidad at ang nasasakupan nito. Ang aking pangitain bilang Hospital Director ay napapaloob sa mga sumusunod na pahayag:

Ang UHS ay may mahalagang papel bilang malakas na pwersa sa ating lipunan, sa pamamgitan ng kalusugan at kabutihan sa isip at sa gawa, pagtulong para magkaroon ng kakayahan ang kanyang consumers para alagaan ang kanilang katawan hindi lang sa paggaling kundi sa adbokasiya ng wellness gayundin ang pagpatibay ng partnership sa lahat ng ahensya sa loob at labas ng unibersidad.

Ibig kong iparating sa mga nasasakupan ng UP ang plataporma ko pag ako ay nahirang na director ng UHS.

1. Kabuuang kalusugan para sa lahat (Comprehensive Wellness).

   *"The success or failure of any government in the final analysis must be measured by the well-being of its citizens. Nothing can be more important to a state than its public health; the state's paramount concern should be the health of its people"* (Franklin D. Roosevelt).

   Ang taong may mataas na antas ng wellness ay kumikilos upang maabot ang kanyang potensyal: sya ay magiging partner upang makagawa ng paraan tungo sa pamumuhay nang wasto at sa ikabubuti ng kanyang kalusugan.

   Paano ba ito matatamo?

   a. Health promotion- physical, mental, emotional, social, economic and general wellness; health education and disease prevention
   b. Physician as wellness advocates
   c. Physical Fitness
   d. Nutrition
   e. Stress Awareness
   f. Environmental sensitivity
   g. Disease prevention and health maintenance: health risk appraisal, screening, and PE

2. Collaboration with other Units and HC facilities within UP system and in relation to external health care facilities accessible to the university constituency.

   Ang mga challenges ng mga sinasabing social determinants of health tulad ng: socioeconomic status, education,employment, physical environment, community network at access to health care ay dapat matugunan upang mapag ibayo ang ganap na pagtugon sa kalusugan.

   a. Makipag-ugnayan sa ibang unit hinggil sa basic na pangangailan ng ating mga nasasakupan sa kanilang pangunahing pangangailangan na may kaugnayan para sa kanilang kalusugan tulad ng Social Work, Student Housing, Student Affairs, Community affairs, atbp
   b. Makipag-ugnayan sa mga Health Care Facility sa loob at labas ng UP System: hindi maiiwasan ang paghingi ng tulong sa ibang health care facility para sa mga secondary at tertiary cases. Kabilang dito ang mga:

      i. Kalapit na fasilidad para sa madaliang koordinasyon o paglipat ng mga pasyente ng hindi naantala ang agarang gamutan, lalung-lalo na sa pagtugon ng pangangailan pag may pandemya
      ii. Sa PGH or sa UPLB-UHS na nasasakupan ng UPS para sa mga appropriate medical conditions gaya ng “elective procedures” o social emergencies at sa mga pangangailangan pag may disaster at pandemya.
      iii. Sa mga kalapit na LGU para sa mga programang nasyonal upang matugunan ang pag-iwas sa mga nakakahawang sakit at iba pang lifestyle related disease.

3. Pag-ibayuhin ang programa ukol sa psychological at emotional na kalusugan

   a. Makipag-ugnayan sa mga organisasyon tulad ng National Mental health; Youth Alliance for Mental Health atbp para sa mga pagpapatupad ng interventions.

    b. Makipag-ugnayan sa College of Human Kinetics, Office of Guidance and Counselling at CSSP para sa mga programang practical tungo sa kalusugan ng katawan at kaisipan (See Annex 1)

4. Mag upgrade at panatilihin ang kakayahan ng mga health care professionals sa pamamagitan ng tuluyang training and Capacity building :
    a. Skills developlopment and other related forms of expertise by the staff especially during pandemic and disaster.
    b. Workshops and seminars on professional collaboration.
    c. Improving job performance by a more conscious monitoring of Performance Evaluation Sheets and quality standards.

5. To enhance health service requirements of the university
    a. Pagtataguyod ng fully functional Infirmary health care facility na akma sa pangangailangan ng komunidad. Ang mga sumusunod ay nararapat banggitin:

        i. Polisiya at guidelines sa pagmementina ng utilities, staff accountability, and proper compliance monitoring such as:
            1. Electrical safety
            2. Medical device safety
            3. Handling of chemical hazardous materials
            4. Water safety (periodic water quality analysis)
            5. Fire and emergency preparedness and
        ii. Identification of potential sources of funds especially during pandemic and disaster
        iii. Ensuring provisions for needed supplies and logistics especially during disaster and pandemic
    b. Paghahain ng mga kritikal na paraan para makasunod sa alituntunin ng mga accrediting agencies kasama ang teknikal assistance at assessment.
        i. DOH
        ii. Philhealth
        iii. Professional organizations

Sa loob ng dalawang taon, ang UHS ay patuloy na magkakaroon ng “isang kabuuan ng mga competent at dynamic” healthcare personnel, highly motivated, at proactive sa mga proyektong katulad ng health education, information dissemination at skills enhancement. Basic public health programs for communicable and communicable disease control and lifestyle interventions, through effective outreach campaigns would have been integrated and implemented.

Sa loob ng 5 taon, the UHS ay magsisilbing nangungunang modelo ng isang pri infirmary sa isang school setting. Ito ay magiging fully functional health unit na may mahuhusay at dedicated personnel, na may makabagong equipment, at

malawak na pagpapatupad ng public health program, na may malakas na pakikipagugnayan sa mga kalapit na agensya  lalung-lalo na sa UP-PGH local government units.  Ang ultimate outcome ay isang learned and empowered community. Ito ay magsisilbing modelo ng isang epektibo, mahusay, patas, at nagbibigay ng sariling kakayahan  sa kanyang kinasasakupan para maalagaan nag kanilang kalusugan nang sa gayon ay magsilbing modelo ng isang pagamutan ng isang Unibersidad.